**Sino ba si Jay-Jay?**

**Ating kilalanin si Jayjay..**

- Si John Jewel Estrada o “Jay-Jay” ay isang mag-aaral sa Hospicio de San Jose sa Maynila.
- Si Jayjay ay mula siya sa isang payak at simpleng pamilya. Pinili ng kanyang ina na siya ay pag-aralin sa Hospicio dahil sa mga mabubuting pagpapahalagang itinuturo nito, lalo na sa pag-aaruga sa mga batang nangangailangan.
- Sa kanyang pag-aaral doon, natutunan ni Jay-Jay ang tungkol sa Pondo ng Pinoy. Nahikayat siyang makiisa sa adhikaing ito sa pamamagitan ng simpleng pag-iipon ng mga barya sa kanyang bote.
- Humihingi siya ng barya sa kanyang mga magulang at maging ang mga nakikita niya sa daan ay kanyang pinupulot upang maidagdag sa kanyang ipon para sa mga mahihirap.
- Kaya mula dito, sa miurang edad ni Jayjay ay natutunan niya ang pag papahalaga sa mga barya at ang halaga niyo sa mga mahihirap.
- Noong Agosto 2005, nagkaroon ng paglaganap ng dengue sa Metro Manila. Isang araw, umuwi si Jay-Jay mula sa paaralan na may mataas na lagnat. Sa kabila ng pag-aalaga, siya ay pumanaw makalipas ang limang araw.
- Sa kanyang lamay, bumisita ang kanyang mga guro at mga taga-Hospicio. Napansin ng kanyang guro ang kalahating punong bote ng Pondo ng Pinoy na nasa ilalim ng kanyang kabaong. Kinuha ito ng kanyang ina at ibinigay sa guro. Dahil sa kanyang ipinakitang sipag at malasakit, inilagay ng guro ang bote sa altar ng silid-aralan bilang paalala sa mga mag-aaral na kahit sa maliit na paraan ay makatutulong sa kapwa.
- Sa ikalawang anibersaryo ng Pondo ng Pinoy, ibinahagi ni Cardinal Gaudencio Rosales ang kuwento ni Jay-Jay at tinawag siya bilang “munting anghel” ng Pondo ng Pinoy. Siya ay naging inspirasyon sa maraming tao na tumulong sa kapwa sa pamamagitan ng simpleng pag-iipon.
- Ang kanyang alaala, kabilang ang estatwang sumisimbolo sa kanya, ay nagpapaalala saaatin na ang maliliit na kabutihan—tulad ng pag-iipon ng barya—ay may malaking epekto sa buhay ng mga mahihirap. Tunay na si Jay-Jay ay huwaran ng pusong mapagmalasakit.
- Si Jayjay, sa kanyang murang edad at sa gitna ng kanyang paghihirap, ay naging buhay na larawan ng batang nag-alay ng limang tinapay at dalawang isda (Juan 6:9), maliit sa paningin ng marami, ngunit naging daluyan ng biyaya.
- Tulad ng batang iyon, ibinigay niya ang lahat, hindi mula sa kasaganaan kundi mula sa pusong marunong magtiwala at magmahal.
- Sa kanyang huling mga sandali, ang kanyang handog sa Pondo ng Pinoy ay hindi lamang tulong materyal, kundi isang makapangyarihang patotoo: na ang kabutihang nagmumula sa puso at isinasandig sa Diyos ay kayang magpalago ng pag-asa at pagmamahal sa mundo.

**Tularan si John Jewel o mas kilala bilang Jayjay at ang kanyang pusong mapagmalasakit lalo sa mga mahihirap.**